**NAETISL**
National Association of Educational Translators and Interpreters of Spoken Languages

**MODDC**
Missouri Developmental Disabilities Council

# Pag-unawa sa IEP: Isang Gabay sa Magulang

Funding for the Supporting Language Access in Schools Project in Missouri provided by the Missouri Developmental Disabilities Council, was supported by the Administration for Community Living (ACL), U.S. Department of Health and Human Services (HHS) as part of a financial assistance award totaling $1,361,246 with 100 percent funding by ACL/HHS. The contents are those of the author(s) and do not necessarily represent the official views of, nor an endorsement, by ACL/HHS, or the U.S. Government.

naetisl@gmail.com
www.naetisl.org
NAETISL
Follow us
MODDC
moddc@moddcouncil.org
www.moddcouncil.org

# Pag-unawa sa IEP:
# Isang Gabay sa Magulang

Ang Programa ng Edukasyon para sa Indibidwal (IEP) ay isang legal na dokumento na binubuo para sa mga mag-aaral na kwalipikado sa espesyal na edukasyon. Binabalangkas nito ang mga suporta at serbisyo na kailangan ng isang mag-aaral upang magtagumpay sa paaralan batay sa kung ano ang napagpasyahan ng koponan sa pagpupulong ng IEP.

Narito ang mga bahagi ng IEP at kung ano ang ibig sabihin nito para sa iyong anak.

## Mga Kasalukuyang Antas ng Tagumpay sa Akademiko at Pagganap

- Inilalarawan nito ang kasalukuyang pagganap ng iyong anak sa paaralan, sa akademiko at sa mga saklaw ng pag-aaral, tulad ng mga kasanayang panlipunan, pag-uugali, at komunikasyon.
- Maaaring kasama dito ang mga marka ng pagsubok, mga obserbasyon ng guro, at mga update sa pag-unlad

## Bakit ito mahalaga:

Itinatakda nito ang pundasyon para sa kabuuan ng IEP—Kailangang nakabatay sa kasalukuyang lakas at pangangailangan ng iyong anak ang mga serbisyo at layunin.

## Mga Taunang Layunin

- Isang listahan ng mga espisipikong target sa pagtututo na isinama ng koponan ng IEP sa IEP bawat taon.
- Ang mga layunin ay dapat na nasusukat at naaangkop sa mga pangangailangan ng iyong anak.

Halimbawa:
“Sa pagtatapos ng taon ng paaralan, maiaangat ni Alex ang pagbabasa sa 90 salita bawat minuto sa teksto ng antas ng grado na may 95% katumpakan.”

## Espesyal na Edukasyon at Mga Kaugnay na Serbisyo

- Inililista nito kung anong espesyal na pagtuturo at kaugnay na serbisyo (hal., therapy sa pagsasalita o therapy na panggawain) ang matatanggap ng iyong anak.
- Nagsasaad kung gaano kadalas at kung saan magaganap ang mga serbisyo (hal., sa isang pangkalahatang silid-aralan ng edukasyon o isang silid ng resources).

## Mga Akomodasyon at Pagbabago

Ito ang mga pagsasaayos na kinakailangan ng iyong anak upang mapabuti ang pagtututo:

- Binabago ng mga akomodasyon kung paano natututo ang isang mag-aaral (hal., pinahabang oras, mga pahinga, piniling upuan)
- Binabago ng mga pagbabago ang inaasahang matutunan ng mag-aaral (hal., mas maikling takdang-aralin, ibang kurikulum)
- Binabago ng mga modipikasyon ang inaasahang matututunan ng mag-aaral (hal., mas maiikling takdang-aralin, ibang kurikulum)

Ipinapaalam ng seksyong ito sa lahat ng guro ang tungkol sa mga pagbabagong kailangan nilang gawin sa kanilang mga silid-aralan para sa iyong anak.

## Partisipasyon sa Pangkalahatang Edukasyon

- Nakalista sa IEP kung gaano karaming panahon ang gugugulin ng iyong anak sa mga setting ng pangkalahatang edukasyon at mga espesyal na edukasyon.
- Kasama rin dito ang pagpapaliwanag kung bakit maaaring alisin ang iyong anak mula sa silid-aralan ng pangkalahatang edukasyon.

## Iskedyul ng Pagbibigay ng Serbisyo

Nagbibigay ng mga detalye ng mga serbisyong ibibigay:

- Dalas (hal., 3 beses bawat linggo)
- Tagal (hal., 30 minuto bawat sesyon)
- Lokasyon (hal., silid-aralang pangkalahatan, silid ng therapy)
- Umpisa/katapusang petsa ng mga serbisyo

## Pakikilahok sa Testing ng Estado at Distrito

- Nagsasaad kung kukuha ang iyong anak ng mga assessment ng estado o distrito nang mayroon o walang akomodasyon, o kung kukuha siya ng alternatibong assessment.
- Nagpapaliwanag ng akomodasyong kakailanganin.

## Pag-uulat ng pag-unlad

Isinasama dito kung paano at kailan maiiulat ang pag-unlad, tulad ng mga card ng pag-uulat, mga update ng IEP, o mga kumperensiya.

## Pagpaplano ng Transisyon

- Kasama para sa mga mag-aaral na edad na 16 o mas bata
- Binabalangkas ang mga layunin at serbisyo upang matulungan ang mga mag-aaral na lumipat mula sa paaralan patungo sa buhay pagkatapos ng paaralan (kolehiyo, mga trabaho, nagsasariling pamumuhay)

- May kasamang input mula sa mag-aaral

**Mga Miyembro ng Koponan ng IEP**

Karaniwang kabilang sa koponan:

- Ikaw (ang magulang o tagapag-alaga)
- Pangkalahatang guro ng edukasyon
- Guro ng espesyal na edukasyon
- Administrador ng paaralan
- Espesyalista ng Ebalwasyon (hal., sikolohista ng paaralan)
- Ang iyong anak (lalo na sa pagpaplano ng transisyon)

**Mga tip para sa mga magulang na nangangailangan ng access sa wika**

- Humiling ng mga serbisyo ng interpreter sa paaralan ng iyong anak o sa opisina ng distrito ng paaralan bago ang pagpupulong ng IEP.
- Humiling ng kopya ng IEP na isinalin sa iyong wika.

**Mga tip para sa LAHAT ng mga magulang***

- Magtanong habang nagpupulong ang IEP.
- Humiling ng kopya ng IEP upang suriin sa bahay.
- Maaari kang humiling ng mga pagbabago o tumawag ng isang pagpupulong anumang oras.
- Maaari kang tumangging magbigay-pahintulot sa IEP.
- Mahalaga ang iyong boses; ikaw ay isang pangunahing miyembro ng koponan!

*Tingnan ang maikling impormasyon tungkol sa Pag-unawa sa Mga Karapatan ng Magulang.